Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan at Pantao ng Estados Unidos

Bukas na Pagpapatala para sa Medicare

Medicare: *Mas Namalaging Ma*tibay
Ang Bukasan na Pagpapatala para sa Medicare ay sa Oktubre 15-Disyembre 7

Lalong mamalaging matibay para sa mga benepisyaryio ang Medicare dahil sa mas maraming benepisyo, mas mahusay na napagpipilian, at mas mababang gastusin. Ang mga pinalawak na benepisyo ng Medicare sa ilalim ng bagong batas para sa pangangalaga ng kalusugan [ang Batas para sa Abot-Kayang Pangangalaga (Affordable Care Act)] ay patuloy na magagamit – kabilang ang mga libreng benepisyo sa panlaban sa sakit, pagsisiyasat ng kanser at ang taunang pagbisitang pangkagalingan. Kung pinili mo man ang planong orihinal na Medicare o ang planong Medicare Advantage – samantalahin ang bukasan sa Pagpapatala upang siyasatin ang gastos o benepisyo o ang kapwa para sa susunod na taon (2013).

- **Mas maraming mga Benepisyo:** Ilang mga benepisyo sa panlaban ng sakit – kabilang ang mga pagsisiyasat ng kanser – ay magagamit nang walang gastusin para sa mga pasyente kung ito ay ipagkakaloob ng mga karapat-dapat at kalahok na mga propesyunal sa kalusugan. Ang taunang pagbisitang pangkagalingan ay nagbibigay-daan para maupo at pagusapan ng mga tao sa kanilang doktor ang kanilang mga pangangailangan sa kalusugan at ang pinakamabuting paraan para manatiling malusog.
- **Mas Mabuting mga Pagpipilian:** Ipagbibigay-alam ng Medicare sa mga benepisyaryo ang tungkol sa pagsasakatuparan ng plano at ginagamit ang Panghanap ng Plano online upang humikayat ng pagpapatala sa mga angkop na plano.
- **Mas Mababang mga Gastos:** Ang karaniwang bayad para sa 2013 para sa saklaw sa niresetang gamot at mga plano sa kalusugan ng Medicare ay mananatiling matatag. Ang mga taong may agwat sa kanilang saklaw (“donut hole”) sa benepisyong niresetang gamot ng Medicare ay magtatamasa ng humigit-kumulang 53 porsyentong diskwento sa mga saklaw na may tatak na gamot at makakakita ng pagtaas sa katipiran sa mga generic na mga gamot.

Ang iyong mga pangangailangan sa kalusugan ay nagbabago taun-taon. At, ang iyong planong pangkalusugan ay maaari ring baguhin ang mga benepisyo at mga gastos bawa’t taon. Kung kaya’t importanteng regular na tasahin ang iyong mga pagpipiliang Medicare. Ang Bukasan na Pagpapatala ang isang pagkakataon sa taon kung kailan LAHAT ng tao na may Medicare ay makikita kung ano ang

mga bagong mga benepisyong inaalok ng Medicare at gumawa ng mga pagbabago sa kanilang saklaw.

Mahalagang gumugol ng oras upang magrepaso at magkumpara, nguni't hindi mo ito kailangang gawin mag-isa. Ang Medicare ay bukas para tumulong.

- Bumisita sa www.medicare.gov/find-a-plan upang ikumpara ang iyong saklaw sa kasalukuyan sa lahat ng pagpipiliang mayroon sa inyong lugar, at magpatala sa bagong plano kung iyong mapagpasyahan na gumawa ng pagbabago.
- Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) 24-oras sa isang araw/7 araw bawa't linggo upang higit na malaman ang iyong mga opsyon sa saklaw. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.
- Muling pag-aralan ang *Ang Medicare at Ikaw 2013 (Medicare & You 2013)* na polyeto. Ito ay ipinadala sa mga taong may Medicare noong Setyembre.
- Kung ikaw ay may limitadong kita at mga mapagkukunan, maaari kang makakuha ng Dagdag na Tulong sa pagbabayad ng iyong mga gastusin sa saklaw sa iniresetang gamot. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.socialsecurity.gov/i1020 o tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-325-0778.
- Kumuha ng isahang tulong sa iyong Programa ng Tulong para sa Seguro sa Kalusugan ng Estado [State Health Insurance Assistance Program (SHIP)]. Bumisita sa www.medicare.gov/contacts o tumawag sa 1-800-MEDICARE upang makuha ang numero ng telepono.

Ang impormasyong ito ay inihanda ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan at Pantao ng Estados Unidos (U.S. Department of Health and Human Services).